

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl Mayo 2021



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang aming page!

Sa Palibot ng Mesa

Ni Connie Bernard



Iba ang inihanda ko na devotion tungkol sa panalangin habang nagsusulat ako. Sa mga nakaraang linggo, may kabigatan sa puso ko na dagdagan ang aking pagdadasal para sa mga anak ko; kaya mas naging tiyak ako sa mga panalangin ko. .

Sabi sa Mga Awit 128:1-4 *“Mapalad ang bawa’t isa na natatakot sa Panginoon, na lumalakad sa kaniyang mga daan. Sapagka’t iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo. Ang asawa mo’y magiging parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay: ang mga anak mo’y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang. Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao, na natatakot sa Panginoon.”*

Tuwing naiisip ko ang mga talatang ito, yung nakasulat na *“ang mga anak mo’y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang (maliit na mesa)”* ang kumuha ng aking atensyon. Gustong-gusto ko tuwing kasama naming ang aming mga anak na nakapalibot kami sa mesa na magkakasama, ngunit hindi ito madalas mangyari. Malalayo ang tirahan ng aming mga anak kaya nahihirapan kaming magsama-sama maliban lamang tuwing ‘thanksgiving’ at pasko. Pero parati ko silang pinagdadasal ng partikular na panalangin.

Habang nagdadasal, kinikinita ko na nasa mesa sila, nakapalibot kasama ko. Ginugunita ko na inaakbayan sila ni Hesus kahit saan man sila naroroon. Kailangan natin maging partikular sa ating mga panalangin. Abutin mo ng may pananampalataya at gunitain mo ang kasagutan ng iyong mga panalangin.

Kamakailan lang, pinagdasal ko ang aking mga anak at hiningi ko sa Panginoon na bigyan ang aking anak na babae ng espesyal na anointing habang siya ay gagamitin sa isang conference. Hiningi ko sa Panginoon na bigyan siya ng espesyal na anointing at personal na pangako habang malayo siya sa kanyang pamilya. Hiningi ko sa Panginoon na maging personal at partikular sa anak ko.

Hindi natin dapat utusan ang Panginoon, ngunit kong talagang may mga bagay tayong taos-pusong hihilingin sa Kanya, sasagot Siya sa sarili Niyang oras! Subalit, minsan nagiging mainipin tayo lalo na kung kailangan agad natin ang mga bagay-bagay. Kaya partikular kong hiningi na hipuin siya ng Panginoon o di kaya bigyan siya ng kumpirmasyon na alam ng Panginoon kung nasaan siya at ano ang pinagdadaanan niya.

Kung partikular ang ating mga panalangin- asahan natin na sasagutin Niya. Ngunit nakakalimutan natin. Nagiging abala tayo sa buhay at minsan patuloy tayong gumagawa ng ayon sa ating kagustuhan. Ako,

nagpatuloy lang ako sa buhay. Noong nakausap ko ang aking anak pagkatapos ng malaking gawain, kinuwento niya sa aking ang nangyari sa kanya doon. May pinadala ang Panginoon sa kanya upang magbigay ng salita. Tungkol ito sa isang bagay na hindi alam ng babae na nagsabi sa kanya.

Pagkatapos niyang magkuwento, napaluha ako kase alam ko na sinagot ng Panginoon ang aking panalangin na bigyan ang aking anak ng kumpirmasyon. Sinagot Niya ng sakto sa pinagdasal ko. Siya ay tunay na maawain at mabuting Diyos. Alam at nakikita Niya lahat ng kahilingan ng ating mga puso para sa ating mga anak.

Maliit pa o kahit malaki na ang iyong mga anak, lahat sila importante sa Panginoon. Lahat sila anak ng Diyos. Kung pupunta ka sa trono Niya at humingi sa Kanya tungkol sa kanila, nakikita niya ang puso mo at mga kagustuhan mo para sa kanila. Mas alam Niya kaysa sa akin, kung nasaan sila, ano kailangan nila at kailan nila ito kailangan.

Mahal Niya ang mga anak natin ng mas higit pa sa pagmamahal natin sa kanila.

Note: Si Connie Bernard ay tapat na nagsisilbi kasama ang kanyang asawa na si David K Bernard, ang General Superintendent ng UPCI. Marami sa kanyang paboritong oras ay kapag kasama niya ang kanyang mga anak at apo.

Pamumuhay ng May Sadya

Ni Becki Enis



Ang isang larawan ay nagpapa-alala ng mga emosyon. Malamang naranasan na ng marami sa atin tuwing nahahalungkat natin ang ating mga photo album ay naaalala natin ang emosyon naramdman natin sa panahong iyon. O di kaya naaalala natin ang amoy ng ating bahay noong bata pa tayo, o di kaya ng paborito nating ulam o amoy ng hangin. Marami tayong baon na ala-ala na minsan nakakalimutan ngunit bigla nalang nating naaalala sa hindi inaasahang paraan.

Bilang mga magulang, tayo ang gumagawa kapaligiran para sa ating mga anak. May mga ala-ala sila na maaaring humubog sa kanilang personalidad, kabanalan at pagdesisyon nila sa kanilang buhay. Kaya may mga oportunidad tayo na sadyang gumawa ng mga ala-ala na magsisilbing gabay para sa kanilang mga anak at apo sa kanilang buhay. Inutos sa atin sa Kawikaan 22:6 na “Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan”. Kaya, wala ng mas higit pa sa sadyang pagplano na magkaroon sila ng masaya, mabuti at base sa salita ng Diyos na mga ala-ala.

Naiimpluwensyahan tayo ng ating pananaw sa buhay. Ang mundo ay nagbibigay ng maraming bagay sa pamamagitan ng medya, fashion at iba-ibang ugali na nakikita nila at naiipon sa kanilang isipan. Kaya ang panangga natin sa mga maka-mundong impluwensyang ito ay ang isabuhay ang Banal na Salita ng Diyos. Ang huling bahagi ng Kawikaan 22:6 ay nagsasabing “at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan”. Ang sadyang pagsasanay at pamumuhay ang magiging pundasyon ng pagpili sa banal na pamumuhay.

Sa kabila ng ating pagsusumikap, maaaring piliin pa rin nila ang alibughang daan na nababasa natin sa Lucas 15. Ang ibig-sabihin ng salitang alibugha ay “taong umalis sa kanilang bahay at kumikilos ng hindi nag-iisip ngunit nagbabalik din naman at humingi ng kapatawaran.” Ang ama ng alibughang anak ay patuloy na nagdasal at naghintay ng kanyang pagbabalik. Ang anak na iyon ay “nakapag-isip.” Durog siya at napagtanto niya na walang kabuluhan ang kanyang buhay. Para bang ang dating puti at itim na imahe sa kanyang isipan ay napalitan ng matitingkad na kulay at nabuhay ang kanyang ala-ala. Naalala niya ang pagmamahal ng kanyang ama at nagbigay ito sa kanya ng lakas. Kaya gusto niyang umuwi. Ang karanasan niya sa buhay ang nagpa-alala sa kanya kung ano ang buhay na iniwan niya kaya naisipan niya itong balikan. Ito ang buhay na pinakita sa kanya ng kanyang ama.

Ang kalaban ay pumarito upang magnakaw, pumatay at pumuksa, ngunit pinapa-alala din sa atin ng John 10:10 na gusto din tayong bigyan ng ating Ama ng masaganang buhay. Pinagkatiwala sa atin ng Panginoon ang buhay ng ating pamilya at mga kaibigan upang maging masagana sa pagpapala ang ating buhay. “Ang inyong pananalita nawa’y laging may [biyaya](#), na magkalamang asin, upang inyong maalaman kung ano ang nararapat ninyong isagot sa bawat isa” (Colosas 4:6). Ang pagiging sadya sa kung paano natin maisabuhay

ang pagtitiwalang ito ay oportunidad natin bilang indibidwal na bumuo ng panghabang-buhay na mga ala-ala na madadala hanggang sa kinabukasan.

Note: Si Becki Enis, ay nagsilbi ng talumpo't-limang taon sa Europe/Middle East Region of the United Pentecostal Church, Intl bilang asawa ni Missionary Arlie Enis. Siya ay ina ng tatlong anak at lola ng walong apo. Siya ngayon ay nakatira sa Cincinnati, Ohio kung saan naninilbihan si Becki bilang Administrative Assistant sa pastor ng Tree of Life Church.

Tuwing Hindi Nagdadasal si Nanay

Ni Mary Loudermilk



“Dahil dito’y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo’y puspusin ng kaalaman ng kaniyang kalooban, sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa espiritu, Upang kayo’y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga sa bawa’t gawang mabuti, at magsilago sa kaalaman ng Dios;” (Colosas 1:9-10).

Hindi lahat ng ina ay nagdadasal para sa kanilang anak. Hindi lahat ng ina ay alam kung *paano* ipagdasal ang kanilang anak. Siguro hindi siya nagsisimba, hindi siya naturuan tungkol sa Panginoon o wala siya sa buhay nila (patay na, hiwalay o nang-abanduna ang anak).

Ngunit lahat, kahit ano man ang edad o kalagayan ay kailangan ng tao na nagdadasal para sa kanila! Maaaring yung taong iyon ay ikaw o ako.

Hindi ko alam kung kalian ako nagsimulang mag-isip tungkol sa mga batang nagsisimba ng mag-isa. Yung iba dinala ng kanilang kapit-bahay o kaibigan. May iba naman sa pamamagitan ng sasakyan ng simbahan bilang parte ng outreach program. O di kaya isang binata o dalaga na sumabay sa kanilang kaibigan. Kahit sa ano mang paraan, kailangan nila ng tao na magdadasal sa kanila.

Hayaan niyo akong ikuwento sa inyo ang ilan sa mga batang ito (binago ko ang kanilang pangalan).

Dinala si Joey ng kaibigan niya sa simbahan noong labing-isang taong gulang pa lang siya. Galing siya sa isang magulong na komunidad, at nagmamay-ari ng isang bar ang kanyang ama. Noong gusto na ni Joey na magpa-bautismo, matagal na hindi pumayag ang kanyang mga magulang hanggang sa binigay din nila ang kanilang pahintulot. Gustong-gusto ni Joey ang pagsisimba at siya ay laging pumupunta. Naaalala ko isang beses ay masaya siyang kumakanta sa choir. Ang saya niyang tignan. Ngunit isang araw, bigla nalang siyang nawala. Hindi ko na nalaman kung lumipat ba ang pamilya niya o kung ano ang dahilan. Siguro nasa mga tatlumpong taong gulang na si Joey ngayon, ngunit hindi ko pa rin nakakalimtan ang masigasig na batang iyon na mahal na mahal ang panambahan. Patuloy kong pinagdadasal kung saan man siya ngayon ay ibalik siya ng Panginoon sa naranasan niya noong bata pa siya. Binabanggit ko pa rin ang pangalan niya sa panalangin.

May Lolo at Lola na madalas sinasama ang kanilang apo na si Kyle sa simbahan. Lumaki din ang kanyang ina sa simbahan ngunit nakapag-asawa ito ng hindi mananampalataya. Ngayon, dahil sa pagsisimba ng kanyang anak, bumabalik na rin siya sa Panginoon. Sinubukan ng tatay ng bata na abalahin siya ng iba’t-ibang activities tuwing araw ng linggo. Noong nagkasakit ang nanay niya at pumanaw na, nilayo siya ng kanyang ama sa simbahan. Pinagdasal siya ng kanyang ina at mga Lolo at Lola noong nabubuhay pa sila, pero ngayon, sino na ang magdadasal para kay Kyle?

Madami sa mga pinagdadasal ko ay malalaki na ngayon. Iba sa kanila ay mga styudyante ko sa Sunday school. Iba naman ay mga anak ng mga namatay kong mga kaibigan. O, may mga magulang na tumalikod sa Panginoon kaya wala na silang maka-Diyos na impluwensya sa kanilang buhay. Kahit may mga magulang pa sila na nagsisilbi sa Panginoon, may kapangyarihan kung marami tayong nagdadasal para sa kanila. Hindi nasasayang ang panalangin.

Paano mo ba ipagdasal ang anak ng iba? Kung paano mo ipagdasal ang iyong anak. Ipagdasal mo ang kanilang kaligtasan, proteksyon at mga kaibigan. Ipagdasal mo na maging matalino sila sa mga gagawin nila

sa buhay. Ipagdasal mo na maging tapat, ma-integridad, at mamuhay sila ng banal. Magdasal ka lang- kse ang pagdadasal ay kayang magpabago.

“Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.” (James 5:16).

Note: Si Mary Loudermilk, ay naninirahan sa Hazelwood, Missouri. Gusto niyang kasamang bumabyahe ang kanyang mga kaibigan Kung may madadaan silang tea room o kakaibang restaurant, mas mabuti. Isa siyang manunulat ng devotionals sa *Reflections Magazine* at More to Life website (<https://www.moretolifetoday.net/>).

Mula sa editor



Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew
Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Mahal na Prayer Team Leader, Bumisita sa Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!

o mag-email ng request sa: LadiesPrayerInternational@aol.com

Pakibahagi ang impormasyon na to sa inyong simbahan, mga kaibigan at pamilya. Maraming salamat sa pagiging parte ninyo sa prayer ministry at sa pagtulong sa amin na ibalita ang tungkol sa LIBRENG newsletter at Facebook page.



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa

kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).

- Na kanilang pagmamayrian ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (I Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).